

# International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-37

---

## MGA HAMON SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO AT KASANAYANG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL NA MAY LAHING BANYAGA

---

\*Khey Jovica P. Sano

---

Guimaras State University.

---

Article Received: 10 April 2026

\*Corresponding Author: Khey Jovica P. Sano

Article Revised: 30 April 2026

Guimaras State University.

Published on: 20 May 2026

DOI: <https://doi-doi.org/101555/ijrpa.3371>

---

### ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay may layuning alamin ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral .sa Baitang 7 ng Huasiong College of Iloilo, sa Taong Panuruan, 2024-2025. Deksriptibo ang disenyo ng pag-aaral na nangalap ng datos sa pamamagitan ng talatanungan na naglalahad ng iba't ibang hamon sa paggamit ng Wikang Filipino. Lumabas sa resulta ng pananaliksik na ang karaniwang hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay patungkol sa pag-unawa sa malalim na bokabularyo sa Wikang Filipino gayundin sa kahirapan sa pagsasalin at pag-intindi ng malalalim na salita. Natuklasan din sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng wikang Filipino gayundin sa kasanayang pagganap sa Filipino batay sa mga baryabol tulad ng kasarian, antas ng edukasyon ng ina, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay. Dagdag pa nito, walang makabuluhang ugnayan ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino sa Kasanayang Pagganap sa Filipino.

**MGA SUSING SALITA:** *hamon, paggamit ng wikang Filipino, lahing banyaga, kasanayang pagganap, Filipino.*

### PANIMULA

Ang paggamit ng wikang Filipino bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa mga paaralan ay mahalagang aspeto ng edukasyon sa Pilipinas (Santos, 2024). Gayunpaman, para sa mga mag-aaral na may lahing banyaga, ang pag-aaral at paggamit ng Filipino ay nagdadala ng kakaibang hamon na maaaring makaapekto sa kanilang kasanayang paggaganap sa iba't ibang aspeto ng akademikong buhay (Reyes at Cruz, 2024). Sa kabila ng mga pagsisikap ng

pamahalaan na isulong ang inklusibong edukasyon, nananatiling mahalaga ang pagsusuri sa mga hadlang na kinakaharap ng mga mag-aaral na may magkakaibang pinagmulan, lalo na kung ang mga ito ay nagmumula sa mga hamon sa wika (Garcia, 2024).

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang antas ng kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino at ang kaugnayan nito sa kasanayang paggaganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga. Layunin nitong tukuyin kung paano naapektuhan ng kanilang kakayahan sa wika ang kanilang akademikong tagumpay, interaksyon sa kapwa mag-aaral, at pakikibahagi sa mga aktibidad sa paaralan (Del Rosario, 2024). Bukod dito, layon din ng pag-aaral na makapagbigay ng mga rekomendasyon na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng karanasan ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon.

Sa kasalukuyan, kaunti pa lamang ang pananaliksik na tumatalakay sa ganitong konteksto, kaya't ang pag-aaral na ito ay inaasahang makapagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral na may lahing banyaga. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-liwanag ang mga posibleng solusyon na maaaring magamit upang maisulong ang mas inklusibong sistema ng edukasyon sa Pilipinas na tumutugon sa pangangailangan ng lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang pinagmulan (Torres, 2024).

### **Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay nais tukuyin ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino at kasanayang paggaganap ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na may na may lahing banyaga ng Huasiong College of Iloilo, sa Taong Panuruan, 2024-2025.

### **Partikular, ang pag-aaral ay naglayong sagutan ang mga sumusunod na tanong:**

1. Ano ang profile ng mga tagatugon batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay?
2. Ano ang mga hamon sa paggamit ng wikang filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga sa kabuuan at kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay?
3. Ano ang kasanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga sa kabuuan at kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay?

5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa mga hamon sa paggamit ng wikang filipino at asanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga?

## **METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo-korrelasyonal na disenyo upang matukoy ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino at kasanayang paggaganap sa Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga, kung saan ang deskriptibong bahagi ay naglarawan sa demograpikong katangian ng mga respondente gaya ng kasarian, antas ng edukasyon ng mga magulang, nasyonalidad, at mother tongue, habang ang korrelasyonal na bahagi ay nagsuri ng ugnayan sa pagitan ng mga hamon at kasanayang paggaganap batay sa kanilang grado sa Filipino mula una hanggang ikatlong markahan. Ang mga tagatugon ay binubuo ng 30 mag-aaral sa Baitang 7 mula sa Hua Siong College of Iloilo sa taong panuruan 2024–2025 na pinili gamit ang purposive sampling upang matiyak na sila ay may angkop na katangian para sa pag-aaral. Ginamit ang talatanungan bilang pangunahing instrumento na nahahati sa tatlong bahagi: demograpikong impormasyon, mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, at kasanayang paggaganap sa Filipino, na sumailalim sa pre-testing, expert validation, at pilot testing upang matiyak ang bisa at pagiging maaasahan nito, kung saan ang Cronbach's Alpha na .887 ay nagpapakita ng mataas na internal consistency. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa nang sistematiko at ang mga nakalap na impormasyon ay sinuri gamit ang iba't ibang estadistikal na kasangkapan tulad ng frequency upang ilarawan ang distribusyon ng datos, Mann-Whitney U test upang matukoy ang pagkakaiba batay sa demograpikong katangian, at Pearson correlation coefficient at Spearman's rho upang tukuyin ang ugnayan ng mga baryabol, na nagbigay ng matibay na batayan para sa interpretasyon, konklusyon, at rekomendasyon ng pag-aaral.

## **MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

### **Profile ng mga tagatugon batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad ng magulang, at mother tongue**

Ipinapakita sa Manghad 1 ang propayl ng mga kalahok. Batay sa kasarian, 13 (43.3 %) ang mga babae at 17 (56.7 %) ang mga lalaki.

Batay sa antas ng edukasyon ng mga magulang, 26 (86.7%) ang gradweyt sa kolehiyo, 4 (13.03%) ang highschool gradweyt.

Nang pinangkat bata sa nationalidad ng magulang, 25 (83.3) ang chinese, at may limang (16.7%) na kabilang sa ibang lahi na may tig-isang Korean, Austrealian, Burmese, Tasiwanese at German.

Batay naman sa mother-Tounge na ginagamit sa bahay, 7 (23.3%) ang gumagamit ng Chinese, 7 (23.30%) ang gumagamit ng English, 13 (43.30%) ang gumagamit ng Hiligaynon, at 3 (10.00%) ang gumagamit ng Ibang wika.

Mula sa mga datos na inilarawan sa itaas, mas marami ang mga lalaki kaysa sa mga babae sa bilang ng mga kalahok. Ipinapakita nito ang bahagyang dominasyon ng mga lalaki, na maaaring makaapekto sa perspektiba o karanasan ng mga kalahok depende sa paksa ng pananaliksik.

Karamihan sa mga magulang ay nakapagtapos ng kolehiyo, habang kakaunti lamang ang nagtapos sa high school.

Ang malaking bahagi ng mga kalahok ay may magulang na Chinese. May ilan ding may magulang na mula sa iba't ibang bansa tulad ng Korea, Australia, Burma, Taiwan, at Germany.

Bagama't maraming magulang ang Chinese, mas laganap ang paggamit ng Hiligaynon sa mga tahanan ng mga kalahok. May ilan ding gumagamit ng Chinese, English, Tagalog, at wika mula sa Myanmar.

Makikita sa datos ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa ilang aspeto tulad ng wika at nasyonalidad, ngunit kapansin-pansin din ang pagkakapareho sa antas ng edukasyon ng mga magulang. Ang mga impormasyong ito ay mahalagang isaalang-alang sa pag-unawa sa konteksto ng mga kalahok at sa posibleng epekto nito sa resulta ng pananaliksik.

**Table 1. Propayl ng mga Tagatugon.**

<b>Profile</b>	<b>Frequency</b>	<b>Percent</b>
<b>Kasarian</b>		
Babae	13	43.3
Lalaki	17	56.7
<b>Antas ng edukasyon ng ina</b>		
College Graduate	26	86.7
High School Graduate	4	13.3
<b>Nationalidad ng Magulang</b>		
Chinese	25	83.3
Iba Nationalidad	5	3.3
<b>Mother-Tongue na Ginagamit sa bahay</b>		

Chinese	7	23.3
English	7	23.3
Hiligaynon	13	43.3
Ibang Wika	3	10.0
<b>Total</b>	<b>30</b>	<b>100.0</b>

### **Hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga sa kabuuan**

Ipinapakita sa Manghad 2 ang mga hamon na kinaharap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga sa paggamit ng Wikang Filipino.

Ang dalawang pinakamataas na hamon na napabilang sa Ranggo 1 ay mga hamon na may kinalaman sa pahayag na "*Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita*," (90.0%) at "*Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita*," (90.0%) kung saan 27 sa mga mag-aaral ang nagsabing hamon sa kanila ang aspetong ito sa paggamit ng wikang Filipino. Parehong nasa unang puwesto ang dalawang pahayag na ito, na nagpapakita na ang malalim na bokabularyo sa Filipino ang pangunahing dahilan ng kahirapan ng mga mag-aaral.

Sumunod sa ranggo ng mga pahayag ay ang "*Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino* (83.3%), kung saan 25 mag-aaral ang sumang-ayon na hamon ang pahayag na ito sa kanila. Ipinapakita nito na tekstong Filipino mismo ang nagiging sagabal sa pag-unawa.

Kabilang naman sa ranggo 6 ang anim na pahayag na may magkaparehong dalas at bahagdan ng tugon. Ang mga pahayag na;

"*Ako'y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap*," 24, (80.0%), "*Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino*," 24, (80.0%); "*Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese*," 24, (80.0%),

"*Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit*," 24, (80.0%),

"*Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin*," 24, (80.0%).

Sumunod sa Ranggo 10 ang mga pahayag na may dalas ng tugon na 23;

"*Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino*," 23, (76.7%),

"Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito sa Filipino at sa Mother-tongue," 23, (76.7%), "Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit," 23, (76.7%).

Napabilang naman sa ranggo 12, ang pahayag na "Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang," 22, (73.3%).

Nasa ranggo 13.5 ay ibinahagi ng dalawang pahayag, ito ay ang mga "Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese," 21, (70.0%), at

"Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito'y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar," 21, (70.0%),

Samantalang nasa ranggo Rank 15.5 naman ang dalawang pahayag rin. Ito ay tungkol sa "Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin," 19, (63.3%), "Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay," 19, (63.3%).

Ang pahayag na "Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino," na may 18 tugon at may bahagdan na 60.0%, ay napabilang sa ika-17 ranngo.

Mayroong dalawang pahayag sa mga hamon na napabilang sa Ika 18-5 na ranngo. Ito ay ang pahayag na "Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino dahil wala akong matanungan dahil kami ay gumagamit ng Ingles at Chinese sa loob ng bahay," 17, (56.7%), "Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono," 17, (56.7%).

At ang pinakahuling hamon na napabilang sa ranngo 20 ay ang pahayag na "Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito'y hindi ko nakasanayan," 15, (50.0%).

Batay sa datos, malinaw na ang malalim na bokabularyo sa Wikang Filipino ang pangunahing hamon para sa mga respondente. Parehong may 90% ng mga respondente ang nagsabing sila'y nahihirapan sa pagsasalin at pag-intindi ng malalalim na salita, na nagpapakitang ang kasanayan sa pag-unawa sa leksikon ng Filipino ay kulang o hindi gaanong nahuhubog.

Kasunod nito, mataas din ang porsyento ng mga estudyanteng nahihirapan sa pag-unawa ng mga babasahing Filipino at paggamit ng mga angkop na salita sa pagsulat o pagsasalita, na nagpapahiwatig na may kakulangan sila sa komprehensyon at aplikasyon ng wika sa akademikong konteksto.

Napansin din na marami ang nalilito sa gramatika at mga alituntunin nito, gayundin sa pagkakaiba ng kahulugan ng salita sa Ingles, Chinese, o mother tongue. Ito ay maaaring

sanhi ng multilingual na kapaligiran, kung saan mas dominante ang paggamit ng Ingles at Chinese kaysa Filipino sa araw-araw.

Ang mas mababang porsyento naman ng mga pahayag ukol sa pagbigkas at ispelang ay nagpapahiwatig na bagaman ito ay hamon, mas nakatutok ang mga respondente sa mas mataas na antas ng wika tulad ng pagsasalin, pagsusuri, at pagsusulat.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita na ang pangunahing hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay nakasentro sa pag-unawa, pagsasalin, at paggamit ng malalim o mas pormal na anyo ng wika, na higit na lumalabas sa mga akademikong babasahin at pagsusulat. Kailangan ng higit pang interbensyon upang mapaunlad ang bokabularyo, estratehiya sa pagbasa, gramatika, at praktikal na paggamit ng Filipino, lalo na sa mga estudyanteng lumaki sa multilingwal na tahanan o edukasyonal na setting.

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, malinaw na ang pangunahing hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga ay nakasentro sa malalim na bokabularyo, pag-unawa sa mga babasahin, at aplikasyon ng wika sa akademikong konteksto. Ito ay kinatigan ng ilang makabagong pananaliksik mula 2020 pataas. Ayon sa pag-aaral nina Delos Reyes, Tongkoh, at Chavez (2023), ang mga mag-aaral na hindi katutubong tagapagsalita ng Filipino ay nahihirapan sa bokabularyo, gramatika, at pagbigkas ng ilang tunog sa Filipino, tulad ng "ng," na hindi karaniwan sa Ingles. Pinatotohanan din ito nina Ocangas at Gawahan (2025) na nagsabing ang kakulangan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay isang pangunahing hadlang sa pag-unawa sa mga tekstong Filipino, lalo na kung limitado ang paggamit ng wika sa loob at labas ng paaralan. Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik ni Mendoza (2024) na ang mga estudyanteng may magkaibang kultural na pinagmulan ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga tekstong Filipino, lalong-lalo na sa mga idyoma at mga pahayag na may kultural na kahulugan. Samantala, iminungkahi naman ni Ocampo (2023) ang paggamit ng translanguaging bilang epektibong estratehiya upang mapabuti ang komprehensyon sa pagbasa sa Filipino. Sa kanyang pag-aaral, napatunayang ang pagsasama ng mother tongue at Filipino sa proseso ng pagkatuto ay nakatutulong sa pag-unawa ng mga estudyanteng ESL (English as Second Language) learners. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pananaliksik na ito na ang mga banyagang mag-aaral ay nahaharap sa matitinding hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, lalo na sa aspetong leksikal at gramatikal. Kaya't mahalagang tugunan ito sa pamamagitan ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo gaya ng pagpapalawak ng bokabularyo, pagsasanay sa pag-unawa ng mga tekstong Filipino, at paggamit ng mga interbensyong lingguwistiko tulad ng translanguaging.

**Manghad 2. Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino.**

<b>Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino</b>	<b>f</b>	<b>%</b>	<b>Rank</b>
1. Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.	27	90.0	1.5
2. Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.	27	90.0	1.5
3. Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.	25	83.3	3
4. Ako'y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.	24	80.0	6
5. Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.	24	80.0	6
6. Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinsese.	24	80.0	6
7. Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subjek na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.	24	80.0	6
8. Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.	24	80.0	6
9. Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.	23	76.7	10
10. Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito Filipino at sa Mother-tounge.	23	76.7	10
11. Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.	23	76.7	10
12. Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin.	19	63.3	15.5
13. Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese.	21	70.0	13.5
14. Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino dahil wala akong matanungan dahil kami ay gumagamit ng Ingles at Chinese sa loob ng bahay.	17	56.7	18.5
15. Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.	22	73.3	12
16. Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito'y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.	21	70.0	13.5
17. Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.	19	63.3	15.5
18. Ako ay nahihirapan kong sa pagsulat ng tamang ispeling ng mga salita sa Filipino.	18	60.0	17
19. Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.	17	56.7	18.5
20. Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito'y hindi ko nakasanayan.	15	50.0	20

## **Hamon sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga kung ipapangkat ayon sa kasarian**

Ipinapakita sa Manghad 3 ang mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga batay sa kanilang kasarian.

Para sa mga mag-aaral na lalaki, malinaw na ang pangunahing hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay nakasentro sa pag-unawa at pagsasalin ng malalalim na salita. Ang pahayag na “Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita” ay may dalas na 13, (100.0%) napabilang sa ranggo 1. Sinundan ito ng “Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita” at “Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese”, na parehong may 12 dalas ( 92.31%) at may ranggong 3.

Ang mga ito ay nagpapakita ng kawalan ng sapat na kasanayan sa leksikon ng Filipino at kakulangan ng exposure sa mas pormal o teknikal na bokabularyo. Kaugnay nito, ang mga sumusunod limang pahayag ay pare-parehong may dalas na 11 at nasa 84.62%, at nasa ranggo 7.5 “Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap, “Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino,” “Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispeleng ng mga salita sa Filipino,” “Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito Filipino at sa Mother-tongue,” “Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino...”

Ipinapakita nito na ang mga lalaki ay may halos pantay-pantay na karanasan ng hirap sa pagsulat, pagbasa, at paggamit ng Filipino bilang wika sa akademikong konteksto.

Dagdag pa rito, makikita na maraming pahayag ang may dalas na 10 (76.92%) at napabilang sa ranggo Rank 14, ang mga hamon na ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: “Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin,” “Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika...” “Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay,” “Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang,” “Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino,” “Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit,” “Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subjek na Filipino...”

Samantala, ang mga pahayag na may pinakamababang porsyento ay nasa Ranggong 18.5 at 20 tulad ng “Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono” (F = 9, 69.23%) at “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang

Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan” (F = 8, 61.54%). Ipinapakita nito na bagaman nananatiling hamon ang pagbigkas, mas matindi ang hamon para sa mga lalaki sa pagbasa, pagsulat, at gramatika kaysa sa pagbigkas lamang. Sa hanay naman ng mga babaeng mag-aaral, ang pangunahing hamon ay halos katulad ng sa kalalakihan. Nangunguna sa ranggong 1.5 ang dalawang pahayag: “Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita” at “Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino”, (F = 15, 88.24%). Ipinapahiwatig nito na ang pag-unawa sa teksto at bokabularyo ay pangunahing hamon para sa mga kababaihan, na tila naapektuhan ang kanilang kakayahang akademiko sa Filipino.

Sumunod sa ranggo 3.5 ang pahayag na “Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na salita” at “Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa Filipino”, (F = 14 at 82.35%). Dito, kitang-kita ang kawalan ng kakayahan sa pagsasalin at pagsagot sa mga akademikong pagsusulit, marahil ay dahil sa mas limitadong exposure sa pormal na Filipino bilang wika ng pagtuturo at pagsusuri.

Kabilang sa ranggo 6, may 76.47% na pagsang-ayon sa mga pahayag tulad ng: “Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita,” “Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino,” “Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma.” Ipinapakita nito na may suliranin sa pagsulat at pagbasa, partikular sa mga pormal na estruktura ng wika.

Samantala, napabilang sa ranggo 10 ay ibinahagi ng maraming pahayag na may (F = 12, 70.59%), kabilang ang: “Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap,” “Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito sa Mother Tongue,” “Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino...,” “Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika...” Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng moderate level ng kahirapan sa pagsasalita at gramatika.

Sa kabilang dulo, makikita ang pinakamababang porsyento sa ranggo 19.5 na dalas na (F = 7, 41.18%), para sa dalawang pahayag: “Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino,” “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.”

Ito ay maaaring nagpapahiwatig na ang mga babae ay mas may tiwala sa ispelang ng pagbigkas kaysa sa pagbasa at pagsusulat ng mas komplikadong nilalaman.

Ang parehong lalaki at babae ay nakaranas ng pinakamalaking hamon sa pag-unawa sa malalalim na salita, pagsasalin, pagbasa, at pagsusulat sa Filipino. Gayunman, mas mataas ang porsyento ng mga lalaking mag-aaral sa halos lahat ng pahayag, na maaaring nagpapakita

na mas malawak ang saklaw ng hamon na kanilang nararanasan. Samantalang sa mga babae, bagama't may hamon pa rin, makikita na mas mababa ang bilang ng tumugon sa ilang teknikal na kasanayan tulad ng ispeleng at pagbigkas.

Pareho silang nangangailangan ng intensibong suporta sa leksikal na pag-unlad, akademikong pagbasa at pagsusulat, at paglinang ng gramatika sa Filipino bilang pangalawang wika.

**Table 3. Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga batay sa Kasarian.**

Statement	Male			Female		
	f	%	Rank	f	%	Rank
1. Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.	11	84.62	7.5	12	70.59	10
2. Ako'y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.	11	84.62	7.5	13	76.47	6
3. Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin. (Pidgin)	10	76.92	14	9	52.94	15.5
4. Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese.	10	76.92	14	11	64.71	13
5. Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino dahil wala akong matanungan dahil kami ay gumagamit ng Ingles at Chinese sa loob ng bahay.	9	69.23	18.5	8	47.06	17.5
6. Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.	13	100.0	1	14	82.35	3.5
7. Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.	12	92.31	3	15	88.24	1.5
8. Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.	11	84.62	7.5	13	76.47	6
9. Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinsese.	12	92.31	3	12	70.59	10
10. Ako ay nahihirapan kong sa pagsulat ng tamang ispeleng ng mga salita sa Filipino.	11	84.62	7.5	7	41.18	19.5
11. Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito'y hindi ko nakasanayan.	8	61.54	20	7	41.18	19.5
12. Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito Filipino at sa Mother-tounge.	11	84.62	7.5	12	70.59	10
13. Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.	9	69.23	18.5	8	47.06	17.5
14. Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.	10	76.92	14	9	52.94	15.5
15. Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng	10	76.92	14	12	70.59	10

paaralan lamang.						
16. Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.	10	76.92	14	15	88.24	1.5
17. Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.	10	76.92	14	13	76.47	6
18. Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subjek na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.	10	76.92	14	14	82.35	3.5
19. Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.	12	92.31	3	12	70.59	10
20. Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito'y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.	11	84.62	7.5	10	58.82	14

### **Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga batay sa antas ng edukasyon ng mga magulang**

Batay sa datos na nakalap na ipinapakita sa Manghad 4, ang mga mag-aaral na may lahing banyaga na ang mga magulang ay college graduate ay nagpapakita ng malinaw na hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, partikular sa aspeto ng malalim na bokabularyo at pag-unawa sa teksto. Ang dalawang pahayag na kabilang sa ranggo 1.5 ay parehong tumutukoy sa hirap sa pagsasalin at pag-intindi ng malalalim na salita sa Filipino. Sumunod dito sa ranggo 4.5 ang mga pahayag na nauugnay pa rin sa leksikal na suliranin gaya ng ibang terminong Filipino, pagkakaiba ng salin sa Ingles o Chinese, pati na rin ang pag-unawa sa mga babasahing Filipino at pagsagot sa mga pagsusulit sa asignatura, na kadalasang gumagamit ng mas pormal na Filipino.

Ang mga nasa ranggo 8 ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa pagsulat, gaya ng pagbuo ng pangungusap, pagpili ng angkop na salita, at pagsunod sa alintuntunin ng gramatika. Sa ranggo 11, lumabas naman ang mga hamon sa pagkakaiba ng kahulugan ng salita sa Mother-tongue, pagbigkas ng Filipino sa loob ng paaralan, at pag-unawa sa idyomatikong pahayag. Makikita na habang lumalalim ang antas ng paggamit ng Filipino—mula sa simpleng pagsasalita hanggang sa akademikong pag-unawa—mas dumarami ang hadlang para sa mga mag-aaral.

Sa ikalawang bahagi ng listahan na napabilang ranggo 14.5, inilahad ang mga isyu sa pagbuo ng pangungusap base sa nakasanayang estruktura, kakayahan sa gramatika, at pagsulat ng tamang ispelang, gayundin ang pagharap sa literaturang Filipino na mahaba at puno ng

malalalim na salita. Sa ranggo 17.5, nariyan ang kalituhan sa tamang pagbigkas dulot ng tono o aksentong Chinese-Filipino.

Sa pinakahuling ranggo na 19.5, lumitaw ang hirap sa pagbigkasng Filipino at ang kakulangan ng suporta sa bahay dahil mas ginagamit ang Ingles o Chinese, kaya't nahihirapan silang bumuo ng pangungusap sa Filipino sa natural na daloy.

Sa kabuuan, ang mga banyagang mag-aaral na may magulang na college graduate ay nahaharap sa mga hamong mas nakatuon sa mas mataas na antas ng wika—bokabularyo, pagsusuri, pagsulat, at akademikong gamit—na nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa at mas malawak na kasanayan sa Filipino bilang pangalawang wika.

Batay sa tala, lumitaw na ang mga mag-aaral na may lahing banyaga na may magulang na high school graduate ay nakaranas ng malawakang hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, kung saan labintatlong pahayag ang may parehong napabilang sa ranggo 6.5, lahat ay may 100% na pagsang-ayon ( $F = 3$ ). Ibig sabihin, lahat ng tatlong mag-aaral mula sa grupong ito ay nakaranas ng mga sumusunod na suliranin: “Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito’y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.” “Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap,” at “Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino.” “Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese.” Kalakip din ang kahirapan sa “pagsasalin sa mga malalalim na salita” at “pag-intindi sa mga malalalim na salita sa Filipino,” “Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino,” “Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit,” at “Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.” “Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay,” at “Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.

Samantala, anim na pahayag ang napabilang sa Rank 16.0, kung saan dalawa lamang sa tatlong respondent ang sumang-ayon ( $F = 2$ , 66.67%). Ilan dito ay: “Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit,” “Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino,” “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng Wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan,” at “Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan.”

Ipinapakita nito na kahit may ilan sa kanila na hindi nakararanas ng ganap na hirap sa mga nabanggit, malinaw pa rin na ang mga aspetong teknikal at estruktural ng wikaay nananatiling hamon.

Ang pahayag na may pinakamababang ranggo ay “Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino,” na may Rank 20.0 at 33.33% lamang ng mga respondent ang sumang-ayon. Ipinapakita nito na bagaman may hamon sa ispelang, mas nakatuon ang atensyon ng mga mag-aaral sa mas komplikadong kasanayan sa wika tulad ng pagbasa, pagsusuri, at pagsasalita.

Sa kabuuan, ipinakikita ng datos na ang mga mag-aaral na may magulang na high school graduate ay nakararanas ng pantay-pantay at malawakang hamon sa lahat ng aspekto ng paggamit ng Filipino—mula bokabularyo, gramatika, pagbabasa, pagsasalita, pagsulat, hanggang sa pag-unawa sa masining at pormal na wika. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga estudyanteng ito ay nangangailangan ng malalim, masinsin, at tuloy-tuloy na suporta sa pagkatuto ng Wikang Filipino bilang pangalawang wika sa loob at labas ng paaralan.

Batay sa tala, kapansin-pansin na sa hanay ng mga mag-aaral na may magulang na elementary graduate, labing-anim (16) na pahayag ang nakatanggap ng 100% na pagsang-ayon ( $F = 1$ ) at pawang may Rank 8.5, na nangangahulugang halos lahat ng aspeto ng paggamit ng Wikang Filipino ay itinuturing nilang hamon. Ibig sabihin, bagama't isa lamang ang tumugon sa bawat pahayag, pare-pareho ang tindi ng karanasang paghihirap sa iba't ibang anyo ng wika.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang mga banyagang mag-aaral na may magulang na elementary graduate ay nakararanas ng malawak ngunit pantay-pantay na antas ng hirap sa lahat ng aspeto ng paggamit ng Wikang Filipino. Ibig sabihin, hindi lamang isang partikular na kasanayan ang mahina, kundi pati ang bokabularyo, gramatika, pag-unawa, pagsasalita, at pagsulat. Ang kawalan ng matibay na pundasyon sa Filipino sa loob ng tahanan at ang kakulangan sa exposure sa wika sa pang-araw-araw na komunikasyon ay tila mga pangunahing salik na nagpapalalim sa kanilang suliranin sa paggamit ng wika. Dahil dito, higit na kinakailangan ang suportang lingguwistiko at pedagogikalmula sa paaralan upang mapunan ang kakulangang ito sa pagkatuto ng Filipino.

**Manghad 4. Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga batay sa antas ng edukasyon ng mga magulang.**

Mga Hamon	College Graduate			High School Graduate		
	f	%	Rank	f	%	Rank
1.Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.	20	76.92	8	3	75.00	14
2.Ako'y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.	20	76.92	8	4	100.00	6
Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin.	17	65.38	14.5	2	50.00	18
4.Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese.	17	65.38	14.5	4	100.00	6
5.Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino dahil wala akong matanungan dahil kami ay gumagamit ng Ingles at Chinese sa loob ng bahay.	13	50.00	19.5	4	100.00	6
6. Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.	23	88.46	1.5	4	100.00	6
7.Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.	23	88.46	1.5	4	100.00	6
8.Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.	21	80.77	4.5	3	75.00	14
9.Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinsese.	21	80.77	4.5	3	75.00	14
10.Ako ay nahihirapan kong sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino.	17	65.38	14.5	1	25.00	20
11. Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito'y hindi ko nakasanayan.	13	50.00	19.5	2	50.00	18
12.Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito Filipino at sa Mother-tounge.	19	73.08	11	4	100.00	6
13.Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.	15	57.69	17.5	2	50.00	18
14.Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.	15	57.69	17.5	4	100.00	6
15.Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.	19	73.08	11	3	75.00	14
16.Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.	21	80.77	4.5	4	100.00	6
17.Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.	19	73.08	11	4	100.00	6

18.Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subjek na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.	21	80.77	4.5	3	75.00	14
19.Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.	20	76.92	8	4	100.00	6
20.Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito'y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.	17	65.38	14.5	4	100.00	6

### **Hamon sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa mother tongue na ginagamit sa bahay**

Makikita sa datos na karamihan sa mga hamon ay may pare-parehong Rank 7, kung saan labimpitong (17) pahayag ay may 100% na pagsang-ayon mula sa mga mag-aaral (F = 7, % = 100.0%). Nangangahulugan ito na lahat ng respondenteng Chinese ay nakaranas ng parehong hamon sa mga sumusunod na aspekto: *Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita;*

*Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita;*

*Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino; Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese;*

*Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino; Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino; Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino; Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay; Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino; Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma; Nahihirapan akong sumagot sa pagsusulit sa Filipino; Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang tono; Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino;*

Ang mga hamong ito ay tumutukoy sa malalim na bokabularyo, kahirapan sa pagsasalin, pag-unawa sa babasahin, pagsagot sa pagsusulit, gramatika, at pagbigkas. Ang pagkakapantay-pantay ng ranggo ay nagpapahiwatig na ang mga estudyanteng Chinese ay nakaranas ng kolektibong hamon sa halos lahat ng aspeto ng paggamit ng Filipino, mula written to oral skills.

Sa kabilang banda, may tatlong pahayag na may mas mababang ranggo na nagpapahiwatig ng hindi pantay-pantay na karanasan sa mga hamong kinaharap. Kabilang dito ang mga pahayag na “ Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin.

“Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa paaralan lamang; Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino.”

Bagamat mataas pa rin ang porsyento ng pagsang-ayon, ang hindi buong 100% na tugon ay nagpapakita na may isa sa kanila na hindi itinuturing ang mga ito bilang kasing lalim na hamon gaya ng iba. Maaaring ito ay indikasyon na may bahagyang kakayahan o tiwala sa sarili sa mga aspektong ito para sa ilang estudyante.

Sa kabuuan, ang mga estudyanteng Chinese ay nagpakita ng malawak at pantay-pantay na antas ng hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, na nakaangkla sa malalim na bokabularyo, pagsasalin, pag-unawa sa babasahing akademiko, at pagsasalita. Ang halos lahat ng pahayag ay nasa Rank 7 (100%), na nagpapakita ng matinding pangangailangang pedagogikal upang mas mapaunlad ang kanilang kasanayan sa Filipino. Ang ilang bahagyang mas mababang ranggo ay nagpapakita lamang ng minimal na pagkakaiba sa karanasan, ngunit hindi nangangahulugang hindi ito hamon. Sa halip, pinatitibay lamang ng datos na kailangang magpatupad ng komprehensibong wika at suporta sa pagbasa, pagsasalita, at pagsulat ng Filipino para sa mga Chinese-Filipino learners.

Makikita sa datos na ang mga mag-aaral na may English-speaking background ay may iba't ibang antas ng hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, ngunit may ilang pahayag na kapansin-pansing mas mataas ang antas ng paghihirap. Ang pinakamataas na ranggo ay ibinahagi ng tatlong pahayag, na may  $F = 7$ , o 100.0% na tugon mula sa mga respondent. Ang mga ito ay tumutukoy sa sumusunod: “Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.” “Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.” “Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.”

Ipinapahiwatig ng mga ito na ang akademikong Filipino, partikular sa pagsusulit at pagbasa, ay itinuturing na pinakamalaking hamon para sa kanila. Ang mga pormal na tekstong ginagamit sa klase ay nagdudulot ng pagkalito sa wika at istruktura, marahil ay dahil mas sanay sila sa paggamit ng Ingles sa kanilang edukasyon at tahanan.

Kasunod nito, makikita ang mga pahayag na nasa Rank 7 na may  $F = 6$ , o 85.71%, na kinabibilangan ng mga sumusunod:

“Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.”

“Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.”

“Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese.”

“Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.” “Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.”

“Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil ito’y mahaba at puno ng salitang hindi ako pamilyar.”

Ang mga ito ay nagpapakita ng mga hamon na nakatuon sa bokabularyo, translational difficulties, at kultural na kaalaman sa wika. Ang pag-unawa sa mga idyoma, malalalim na salita, at pag-ugnay ng mga ito sa kanilang karanasan ay isang malaking hadlang sa kanilang pagkatuto.

May walong pahayag naman na may Rank 13, na may  $F = 5$  o 71.43%, na nagpapahiwatig ng moderate na antas ng hamon. Kabilang dito ang mga aspeto ng pagsasalin, pagbuo ng pangungusap, gramatika, at oral language development, gaya ng: “*Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.*” “*Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.*” “*Ako’y nahihirapan sa ibang mga salita dahil iba ang kahulugan nito sa Filipino at sa Mother-tongue.*” “*Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.*” “*Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.*”

Ito ay nagpapakita na bagama’t hindi lubos ang hirap ng lahat ng estudyante, may signipikanteng bahagi pa rin na nakararanas ng paghihirap sa mga teknik at gramatikal na aspeto ng Filipino.

Samantala, ang pinakamababang mga ranggo ay nasa Rank 17.5, na may  $F = 4$ , o 57.14% lamang. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

“Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispeling ng mga salita sa Filipino.”

“Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.” “Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin.” “Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.”

Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na hindi lahat ng estudyante mula sa English-speaking background ay itinuturing ang mga ito bilang pangunahing hamon, bagama’t higit sa kalahati pa rin ang nahihirapan. Posibleng ito ay dahil sa pagkatuto ng Filipino bilang functional or conversational language na mas nakatuon sa pagbasa kaysa sa aktwal na pagsasalita o pagsulat.

Pinakamababa ang Rank 20, na may  $F = 2$ , o 28.57%, para sa pahayag na “Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.” Maaaring ipakahulugan nito na sa kabila ng kanilang English-speaking environment, mas marami sa kanila ang hindi masyadong nahihirapan sa tamang bigkas, marahil dahil sa exposure sa Filipino sa media o paaralan.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral na may lahing banyaga na lumaki sa English-speaking environment ay nakararanas ng pinakamalaking hamon sa malalim na bokabularyo, pagsusulit, pagbasa, at gramatika sa Filipino. Ang mga ito ay higit na naapektuhan ng kanilang lingguwistikong background, kung saan ang Ingles ang pangunahing ginagamit na wika sa tahanan at paaralan. Samantalang mas mababa ang hamon sa aspeto ng pagbigkas at ispeleng, nangangailangan pa rin sila ng espesipikong suporta sa akademikong Filipino, lalo na sa pagsusuri, pagsasalin, at pagbasa ng masining o pormal na teksto.

Batay sa datos, ang pinakamataas na ranggo ay ibinahagi ng tatlong hamon na may  $F = 11$  at 84.62%, na nagpapakita ng mataas na antas ng paghihirap sa mga sumusunod:

*“Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.”*  
*“Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.”* *“Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.”*

Ang mga ito ay nagpapakita na ang mga Hiligaynon-speaking learners ay may suliranin sa malalim na bokabularyo, pagsusulit, at gramatikal na diskurso, na nangangailangan ng pormal na pag-unawa at pag-aanalisa, bagay na maaaring hindi karaniwang ginagamit sa kanilang tahanan o lokal na kapaligiran.

Kasunod nito, ang mga pahayag na may Rank 5 ( $F = 10$ , 76.92%) ay nagpapakita rin ng mataas na antas ng paghihirap sa:

*“Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.”* *“Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese.”* *“Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.”* *“Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.”*

Ipinapakita ng mga ito ang patuloy na hamon sa leksikal na kaalaman at komprehensyon, partikular sa pagsasalin at pagbasa. Sa kabila ng pagkakapareho ng mga salita sa ilang bahagi ng Filipino at Hiligaynon, lumalabas pa rin na may sapat na distansya sa kahulugan at gamit, lalo na kung ang Filipino ay ginagamit sa mas pormal na konteksto.

Ang mga nasa Rank 9 ( $F = 9$ , 69.23%) ay sumasaklaw sa mga pahayag gaya ng: “Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.”

*“Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito sa Filipino at sa Mother-tongue.” “Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.” “Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino...”*

Ang mga ito ay nagpapakita ng mga hamon sa semantikong pagkakaiba at kultural na kahulugan, kung saan ang Filipino bilang wikang pambansa ay may mga salitang hindi direktang tumutugma sa katumbas na Hiligaynon, lalo na sa mga masining na anyo ng wika gaya ng panitikan.

Samantala, Rank 12.5 (F = 8, 61.54%) ay kinabibilangan ng:

*“Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang tono.” “Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.”*

Makikita rito na may katamtamang hamon sa pagbigkas, na maaaring dulot ng tono at ritmo ng Hiligaynon, na may kaibahan sa Filipino, partikular sa punto, diin, at intonasyon.

Sa ranggo 15 (F = 7, 53.85%), naroroon ang mga sumusunod: *“Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.” “Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.; “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.”*

Ipinapakita ng mga ito ang kakulangan sa oral fluency, na maaaring kaugnay ng katotohanang mas ginagamit ng mga mag-aaral ang Hiligaynon sa araw-araw, kaya hindi nila ganap na narerepaso o naiinsayong gamitin ang Filipino sa natural na paraan.

Sa mga mas mababang ranggo, tulad ng Rank 17 (F = 6, 46.15%) para sa *“Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin,”* at Rank 18.5 (F = 5, 38.46%) para sa:

*“Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispeling ng mga salita sa Filipino.”*

*“Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.”*

Ipinapakita nito na mas maliit na porsyento ng mga mag-aaral ang nakararanas ng ganitong hamon, na maaaring dahil sa ilang antas ng pagiging malapit ng ilang salita ng Filipino at Hiligaynon sa tunog o ispeling.

Ang pinakamababang ranggo (Rank 20, F = 4, 30.77%) ay tumutukoy sa pahayag na *“Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin.”* Bagamat ito ang pinakamababa, hindi nangangahulugang hindi ito hamon, kundi mas kakaunti lamang ang kumilala rito bilang pangunahing suliranin.

Para sa mga mag-aaral na may Hiligaynon-speaking background, ang mga pangunahing hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay nakasentro sa malalim na bokabularyo, pagsasalin,

pagbasa ng pormal na teksto, at pag-unawa sa gramatika. Bagamat may ilang pagkakatulad sa Filipino, ang konteksto at estruktura ng Filipino bilang akademikong wika ay nananatiling hamon sa mga mag-aaral. Samantalang ang mga hamon sa ispelang at pagbigkas ay nasa mas mababang antas, nangangailangan pa rin ng masinsinang suporta sa transisyon mula Hiligaynon tungo sa mas pormal na gamit ng Filipino—lalo na sa larangan ng akademya.

Makikita sa datos na lahat ng 18 na pahayag ay may 100% na tugon mula sa isang respondent, na nangangahulugang lahat ng aspeto ng paggamit ng Wikang Filipino ay itinuturing na hamon ng mag-aaral na ito. Ang mga sumusunod na pahayag ay kinilalang mahirap para sa kanya:

“Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.

Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.

Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese.

Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.

Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit. Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino. Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.

Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap. Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.

Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin. Nasusubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin. Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin. Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino. Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan. Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang tono. Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang. Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.

Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito’y mahaba at puno ng mga salitang hindi ako pamilyar.

Ang kabuuang 100% na tugon sa lahat ng pahayag ay nagpapakita na ang mag-aaral na Myanmar ay nakararanas ng malawak, buo, at pantay-pantay na antas ng paghihirap sa paggamit ng Wikang Filipino, mula sa pagbabasa, pagsulat, pagsasalita, gramatika, pagsasalin, ispelang, at komprehensyon. Ipinahihiwatig nito ang kakulangan ng exposure sa

Filipino sa kanyang tahanan at marahil maging sa mga interpersonal na ugnayan sa labas ng paaralan.

Dahil isa lamang ang respondent mula sa grupong ito, hindi natin masasabing maaaring mailahat ang resulta. Gayunpaman, ito ay makabuluhang datos na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may dayuhang pinagmulan tulad ng Myanmar ay nangangailangan ng masusing linggwistikong suporta, immersive language instruction, at kulturang sensitibong pagtuturo ng Filipino.

Para sa Myanmar learner, ang Wikang Filipino ay isang kompletong hamon sa lahat ng aspeto. Mula sa teknikal na paggamit (gramatika, pagsasalin, ispelang), hanggang sa masining at pormal na gamit (literatura, idyoma), at maging sa pasulat at pasalitang anyo, malinaw na may pangunahing pangangailangan para sa mas inklusibong paraan ng pagtuturo, lalo na sa mga batang lumaki sa tahananang banyaga sa wikang Filipino.

Batay sa datos na mula sa mga mag-aaral na Tagalog ang mother tongue, tatlong pahayag ang may Rank 2, na may 100% na tugon ( $F = 2, 100.0\%$ ) mula sa mga mag-aaral na Tagalog. Ibig sabihin, lahat ng mga respondent mula sa grupong ito ay lubos na nakararanas ng mga sumusunod na hamon: “Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.”

“Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.” “Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil ito’y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.”

Bagama’t Tagalog ang kanilang unang wika, kapansin-pansin na may ilang aspeto ng Filipino — partikular ang mas malalim, pormal, o pampanitikang anyo ng wika — na itinuturing pa ring hamon. Maaaring ito ay indikasyon na ang Filipino bilang wikang pang-akademiko ay naiiba sa ginagamit nila sa araw-araw na pananalita, kaya’t nagkakaroon ng kakulangan sa bokabularyo at pag-unawa sa mas mataas na antas ng wika, lalo na sa pagsasalin at pagbasa ng panitikan.

Sumunod na mga pahayag ay may Rank 9, na may 50.0% na tugon ( $F = 1$ ). Ilan sa mga ito ay:

“Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.”

“Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain.”

“Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese.”

“Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.”

“Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.” “Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.”

“Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin.” “Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.”

Ang mga ito ay nagpapakita ng moderate na antas ng hamon, kung saan kalahati ng mga Tagalog-speaking students ay nakararanas pa rin ng hirap sa teknikal na aspeto ng Filipino: gramatika, pagsagot sa pagsusulit, at pagbuo ng pangungusap. Bagama’t Tagalog ang kanilang unang wika, lumilitaw na hindi sapat ang pagiging native speaker upang masabing lubos ang kasanayan sa mas pormal na gamit ng Filipino.

Sa kabilang banda, marami ring pahayag ang may Rank 17.5, na may 0.0% na tugon ( $F = 0$ ). Ibig sabihin, walang respondent ang nagpahayag na ito ay isang hamon para sa kanila. Kabilang dito ang mga sumusunod: “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.”

“Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang tono.”

“Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino.”

“Ako’y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan.” “Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito sa Filipino at sa Mother-tongue.”

Ang mga ito ay makatuwirang hindi hamon para sa mga Tagalog-speaking learners, lalo na ang pagbigkas, ispelang, at pagkakaiba ng salita sa mother tongue, dahil malamang na Tagalog din ang wikang ginagamit nila sa tahanan. Kaya’t may sapat silang pundasyon at praktikal na karanasan sa mga aspetong ito ng wika.

Ang mga mag-aaral na may Tagalog bilang unang wika ay hindi na nahihirapan sa mga pangunahing gamit ng Filipino gaya ng pagbigkas at pag-unawa sa karaniwang salita. Gayunman, ipinapakita rin ng datos na kahit sila ay may hamon sa mas malalim, pampanitikan, at pormal na gamit ng wika, partikular sa saling-wika, literatura, at pagsusulit na teknikal. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi sapat ang pagiging katutubong tagapagsalita upang masabing ganap ang kasanayan sa Filipino, lalo na sa akademikong antas. Sa gayon, mahalaga pa rin ang targeted instruction sa bokabularyo, pagbasa ng masining na teksto, at paggamit ng wika sa pormal na pagsusulat — kahit para sa mga Tagalog learners.

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, maliwanag na ang mga banyagang mag-aaral ay nahaharap sa seryosong hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, partikular sa aspeto ng malalim na bokabularyo, pagsasalin, gramatika, pag-unawa sa mga babasahing akademiko, at pagbasa ng literatura. Ang mga datos ay nagpapakita na kahit mula sa iba’t ibang linguistic

backgrounds tulad ng Chinese, Myanmar, Hiligaynon, English-speaking, at maging Tagalog, may malaking porsyento ng mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagsasalin ng masalimuot na salita, pagsagot sa pagsusulit, at pagbuo ng pangungusap sa Filipino.

Ang mga ito ay kapareho ng mga natuklasan sa pananaliksik nina Delos Reyes, Tongkoh, at Chavez (2023) na nagsabing ang mga estudyanteng hindi native speakers ng Filipino ay nahihirapan sa leksikon, gramatika, at pagbasa ng malalalim na tekstong Filipino. Gayundin, binigyang-diin nina Magno et al. (2024) na ang mga dominanteng English speakers ay nangangailangan ng alternatibong estratehiya sa pagkatuto ng Filipino upang mapunan ang agwat sa wika.

Samantala, ipinakita sa pananaliksik ni Ocampo (2023) na ang paggamit ng translanguaging—o ang pagsasanib ng Filipino at unang wika ng mag-aaral sa loob ng klase—ay nakatutulong upang mapabuti ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Ang rekomendasyong ito ay napapanahon at akma sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral, kung saan nakita na kahit ang mga Tagalog-speaking learners ay may hamon sa aspeto ng pormal na Filipino gaya ng panitikan at pagsasalin, at mas lalo na sa mga hindi Tagalog na mag-aaral. Ang datos ay nagpapakita na hindi sapat ang pagiging native speaker upang lubos na maunawaan at magamit ang Filipino sa akademikong konteksto. Sa kabuuan, ang mga natuklasan sa kasalukuyang pananaliksik ay pinagtitibay ng mga umiiral na pag-aaral at nagbubukas ng panawagan para sa mas sensitibo, komprehensibo, at kontekstuwal na pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na lumaki sa multilinggwal na kapaligiran.

**Table 5. Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga (Mother Tongue).**

Hamon	Chinese 7			English 7			Hiligaynon 13			Ibang Wika 3		
	f	%	Rank	f	%	Rank	f	%	Rank	f	%	Rank
1	7	100.00	7	5	71.43	13	10	76.92	5.5	1	33.33	17.5
2	7	100.00	7	5	71.43	13	11	84.62	2	1	33.33	17.5
3	5	71.43	18.5	6	85.71	7	7	53.85	15	1	33.33	17.5
4	6	85.71	15	4	57.14	17.5	9	69.23	9.5	2	66.67	9
5	7	100.00	7	5	71.43	13	4	30.77	20	1	33.33	17.5
6	7	100.00	7	7	100.00	2	10	76.92	5.5	3	100.00	2
7	7	100.00	7	7	100.00	2	11	84.62	2	2	66.67	9
8	5	71.43	18.5	6	85.71	7	11	84.62	2	2	66.67	9
9	7	100.00	7	6	85.71	7	9	69.23	9.5	2	66.67	9
10	5	71.43	18.5	5	71.43	13	7	53.85	15	1	33.33	17.5
11	5	71.43	18.5	2	28.57	20	5	38.46	18.5	3	100.00	2
12	7	100.00	7	5	71.43	13	10	76.92	5.5	2	66.67	9
13	6	85.71	15	4	57.14	17.5	5	38.46	18.5	2	66.67	9

14	7	100.00	7	4	57.14	17.5	6	46.15	17	2	66.67	9
15	6	85.71	15	6	85.71	7	8	61.54	12.5	2	66.67	9
16	7	100.00	7	7	100.00	2	9	69.23	9.5	2	66.67	9
17	7	100.00	7	4	57.14	17.5	10	76.92	5.5	2	66.67	9
18	7	100.00	7	6	85.71	7	9	69.23	9.5	2	66.67	9
19	7	100.00	7	6	85.71	7	8	61.54	12.5	3	100.00	2
20	7	100.00	7	6	85.71	7	7	53.85	15	1	33.33	17.5

### Hamon sa Paggamit ng Wika batay sa nationlidad ng magulang

Batay sa datos, dalawang pahayag ang itinuturing na pinakamalaking hamon ng mga mag-aaral na may lahing Chinese, parehong may  $F = 23$ , 92.0%, at Rank 1.5. Ito ay ang “Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita” at “Ako’y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.” Ipinapakita nito na ang leksikal na lalim ng Filipino ang pangunahing hadlang para sa mga mag-aaral na ito. Lubos na nakaaapekto ang hindi pamilyar na bokabularyo sa kanilang pag-unawa, lalo na kung ang mga salitang ito ay walang direktang katumbas sa kanilang unang wika (Chinese) o Ingles.

Sinundan ito ng “Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino” na may  $F = 21$ , 84.0%, at Rank 3, na nagpapakita na kahit ang akademikong teksto sa Filipino ay isang malaking hamon para sa kanila. Ang mga pahayag na may Rank 5.5 ( $F = 20$ , 80.0%) ay kinabibilangan ng “Ako’y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap,” “Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinese,” “Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang,” at “Ako’y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito’y hindi ko nakasanayan.” Ipinapakita nito na hindi lamang sa pasulat kundi pati sa pasalitang gamit ng wika ay may kapansin-pansing hamon, marahil dahil sa limitadong paggamit ng Filipino sa kanilang tahanan at mas malakas na impluwensya ng Ingles o Chinese.

Maraming pahayag ang nasa Rank 10.5 ( $F = 19$ , 76.0%), tulad ng “Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subject na Filipino,” “Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin,” at “Ako’y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.” Sa mga ito, malinaw ang pagkakaugnay ng gramatikal at semantikong kahirapan, lalo na sa mga pampanitikang anyo ng wika gaya ng idiyoma at mga pagsusulit na gumagamit ng pormal na Filipino.

Sa kabilang banda, ang mga pahayag na may Rank 16.5 ( $F = 15$ , 60.0%) ay nagpapakita na kahit hindi ito ang pinakamataas na hamon, may malaking bahagi pa rin ng mga mag-aaral na

nahihirapan. Kabilang dito ang “Ako’y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino,” “Ako ay nahihirapan sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino,” at “Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.” Ipinahihwatig nito ang pangangailangan ng mas madalas na pagsasanay sa tamang porma at tunog ng wika.

Pinakamababa ang Rank 19.5 ( $F = 14, 56.0\%$ ) para sa “Ako’y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay” at “Ako’y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.” Ibig sabihin, mas kaunti sa mga mag-aaral ang nakakaramdam ng hamon sa aspeto ng pagkakaayos ng pangungusap at tamang bigkas, ngunit ito pa rin ay makabuluhang bilang na nangangailangan ng interbensyon.

Ang mga mag-aaral na Chinese ay nakararanas ng mataas na antas ng paghihirap sa pagsasalin, pag-unawa sa masalimuot na salita, at pagbasa ng tekstong Filipino. Kasama rin dito ang kahirapan sa gramatika, idyoma, pagbigkas, at pagsagot sa pagsusulit, na nagpapahiwatig na hindi sapat ang kanilang kasanayan upang makasabay sa akademikong gamit ng Filipino. Ang resulta ay nagpapakita ng malinaw na pangangailangan para sa kontekstwalisadong pagtuturo at paggamit ng mga estratehiyang gaya ng translanguaging, scaffolding, at integrasyon ng kanilang L1 (unang wika) upang mapadali ang pagkatuto ng Filipino bilang ikalawang wika.

Sa 20 pahayag, 10 sa mga ito ay may  $F = 1$  (100%), at naka-ranggo sa Rank 7, habang ang natitirang kalahati ay may  $F = 0$  (0%), nasa Rank 17. Ipinapakita nito na ang Korean learner ay may partikular na paghihirap sa kalahati ng mga aspeto ng paggamit ng Filipino, partikular sa mga pormal o akademikong gamit gaya ng pagsasalin, gramatika, at pagbasa. Ngunit kapansin-pansin na hindi lahat ng aspeto ay itinuturing na hamon, na maaaring bunga ng exposure sa Filipino sa ilang larangan ng buhay-panlipunan o edukasyon.

Ang respondent mula sa Australia ay nagpakita ng mataas na antas ng hamon sa Filipino, kung saan 14 sa 20 pahayag ang may 100% na tugon ( $F = 1, 100.0\%$ ), na may Rank 7. Ang iba namang pahayag ay may  $F = 0$  (0%), na may Rank 17. Ipinapakita nito na ang Australian learner ay may malawak at pantay-pantay na antas ng paghihirap, partikular sa pagsasalin, pagbasa, pagsusulit, at pagbigkas. Ang pagkatuto ng Filipino bilang ganap na bagong wika ay tila nangangailangan ng matinding suporta at scaffolding sa ganitong uri ng mag-aaral.

Kapansin-pansin sa datos ng Burmese respondent na lahat ng 20 pahayag ay may  $F = 1$  (100.0%), kaya’t lahat ay nasa Rank 10.5. Ipinapakita nito na ang Burmese learner ay nakararanas ng kabuuang paghihirap sa lahat ng aspeto ng paggamit ng Filipino—mula sa pag-unawa ng bokabularyo, pagbasa, pagsusulat, pagsasalin, gramatika, at pagbigkas. Ang

ganitong uri ng profile ay nangangailangan ng intensibong intervention program sa Filipino bilang pangalawang wika.

Para sa respondent mula sa Taiwan, 6 sa 20 pahayag lamang ang may 100% na tugon ( $F = 1$ ), lahat ay nasa Rank 4, habang ang nalalabi ay may  $F = 0$  (Rank 14). Ipinapahiwatig nito na may limitadong hamon ang Taiwanese learner, ngunit ang mga hamon na ito ay mas tiyak at partikular, posibleng sa mga mas pormal na gamit ng Filipino gaya ng pag-unawa sa pagsusulit at panitikan. Maaaring ito ay dahil sa exposure sa wikang Filipino sa media o lokal na lipunan.

Ang German learner ay nagpakita ng pantay-pantay na tugon sa halos lahat ng pahayag, kung saan 17 sa 20 item ay may  $F = 1$  (100.0%), nasa Rank 9.5, habang 3 item ay  $F = 0$  (0.0%), nasa Rank 19.5. Ipinapakita nito na bagama't maraming aspeto ng Filipino ang itinuturing na hamon ng German learner, may ilang aspeto pa rin na hindi gaanong mahirap para sa kanya. Malamang ay may karanasan o exposure na siya sa Filipino, ngunit nananatiling malaki pa rin ang agwat sa pag-unawa ng mas mataas na antas ng wika.

**Table 6. Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga batay sa Nationalidad.**

Hamon	Chinese			Ibang Lahi		
	f	%	Rank	f	%	Rank
1.Ako'y nahihirapan na bumuo ng pangungusap sa Filipino.	20	80.00	6	3	60.00	15
2.Ako'y nahihirapan sa pagbuo at pagpili ng angkop na salita sa aking pangungusap.	21	84.00	3	3	60.00	15
Ako'y nalilito sa pagbuo ng pangungusap sa Filipino dahil sa iba rin ang aking nakasanayan kung paano ito buoin.	15	60.00	16.5	4	80.00	8
4.Nasubok ang aking kakayahan sa gramatika dahil ito ay minsan ko lang gamitin at madalas kong gamitin ang Wikang Ingles at Chinese.	19	76.00	11	2	40.00	18.5
5.Nahihirapan akong bumuo ng pangungusap sa Filipino dahil wala akong matanungan dahil kami ay gumagamit ng Ingles at Chinese sa loob ng bahay.	14	56.00	19.5	3	60.00	15
7. Ako ay nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita.	23	92.00	1.5	4	80.00	8
7.Ako'y nahihirapan sa Filipino dahil sa mahirap intindihin ang malalalim na salita.	23	92.00	1.5	4	80.00	8
8.Ako'y nahihirapan sa ibang mga terminong ginagamit sa Filipino.	19	76.00	11	5	100.00	2
9.Nahihirapan ako sa ibang mga salita dahil minsan ay iba ang salin nito sa Ingles o Chinsese.	20	80.00	6	4	80.00	8

10.Ako ay nahihirapan kong sa pagsulat ng tamang ispelang ng mga salita sa Filipino.	15	60.00	16.5	3	60.00	15
12. Ako'y nahihirapan sa pagbigkas ng wikang Filipino dahil ito'y hindi ko nakasanayan.	14	56.00	19.5	1	20.00	20
12.Nahihirapan ako sa ibang salita dahil iba ang kahulugan nito Filipino at sa Mother-tounge.	20	80.00	6	4	80.00	8
13.Nasusubok ang aking kakayahan sa pagbigkas dahil sa aking nakasanayang Chinese-Filipino na tono.	15	60.00	16.5	2	40.00	18.5
14.Ako'y nalilito sa tamang pagbigkas ng mga salita dahil wala akong matanungan sa loob ng bahay.	15	60.00	16.5	4	80.00	8
15.Nasusubok ang aking pagbigkas sa Wikang Filipino dahil ito ay aking ginagamit sa loob ng paaralan lamang.	19	76.00	11	3	60.00	15
16.Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga babasahing nakasulat sa Filipino.	20	80.00	6	5	100.00	2
17.Ako'y nahihirapang unawain ang mga babasahin dahil sa mga idiyoma o malalim na salitang ginamit.	19	76.00	11	4	80.00	8
18.Nahihirapan akong sumagot sa mga pagsusulit sa subjek na Filipino dahil sa mga tanong na mahirap unawain at sa mga salitang ginamit.	19	76.00	11	5	100.00	2
19.Nasusubok ang aking pag-unawa sa diskusyong gramatika dahil sa napakaraming alintuntunin ang dapat sundin.	20	80.00	6	4	80.00	8
20.Malaking hamon sa akin ang literaturang Filipino dahil sa ito'y mahaba at nasusubok ang aking pag-unawa dahil sa mga salitang hindi ako pamilyar.	17	68.00	14	4	80.00	8

**Kasanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga sa kabuuan at kung ipapangkat ayon sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa bahay**

Batay sa kabuuang datos, ang average mean score ng lahat ng mga kalahok ay 86.10 na may standard deviation na 3.84, na nakalalarawan sa deskripsyong "Proficient." Ibig sabihin, sa kabila ng mga naitalang hamon sa paggamit ng Wikang Filipino, nananatili ang maayos na antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Kung pagbabatayan ang kasarian, halos magkapareho ang performance ng mga babae ( $M = 85.95$ ) at lalaki ( $M = 86.22$ ), na kapwa nasa antas ng Proficient. Ipinahihiwatig nito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto batay sa kasarian, at pareho silang nakakasabay sa mga akademikong kahingian sa kabila ng lingguwistikong hamon.

Ayon sa Antas ng Edukasyon ng Magulang kapansin-pansin na ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay elementary graduate ay may pinakamataas na mean ( $M = 89.33$ ) proficient.

Kasunod ang mga magulang na college graduate ( $M = 86.10$ ), habang ang high school graduate ( $M = 85.00$ ) ay may bahagyang mas mababang marka. Bagama't lahat ay nasa Proficient level, maaaring ipahiwatig nito na hindi lamang antas ng edukasyon ng magulang ang salik sa akademikong pagganp, kundi pati ang suporta sa tahanan, exposure sa Filipino, o personal na motivation ng bata.

Ayon sa Nasyonalidad ng Magulang kapansin-pansin na ang may pinakamataas na academic performance ay ang mga mag-aaral na may Burmese parent ( $M = 93.67$ ) na may deskripsyong "Very Satisfactory." Sa kabilang banda, pinakamababa ang performance ng mga Taiwanese ( $M = 82.33$ ) at German ( $M = 81.67$ ) learners na nasa antas ng "Approaching Proficiency."

Ipinapakita nito na maaaring may koneksyon ang linguistic or cultural distance sa Filipino curriculum—kung mas malayo ang wika o kultura mula sa Filipino, mas matindi ang hamon sa pag-aaral. Samantalang ang mga may Chinese, Korean, at Australian parent ay nanatili sa Proficient na antas.

Ayon sa Wika sa Tahanan sa kategoryang ito, ang Burmese-speaking ( $M = 93.67$ ) muli ang may pinakamataas na performance, kasunod ang Tagalog ( $M = 89.83$ ), na pareho pa ring nasa antas na Proficient to Very Satisfactory. Samantalang makikita ang mababang marka ng English ( $M = 84.86$ ) at Chinese ( $M = 85.86$ ) speakers, bagama't nasa Proficient pa rin. Ipinahihiwatig nito na ang mas mataas na pagkakatulad ng mother tongue sa Filipino, gaya ng Tagalog, ay maaaring magdulot ng mas magandang akademikong performance.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na kahit may kinakaharap na hamon ang mga mag-aaral na may banyagang pinagmulan sa paggamit ng Wikang Filipino, nakakamit pa rin nila ang antas ng "Proficient" sa akademikong performance. Gayunman, kapansin-pansin na ang mga mag-aaral mula sa mas linguistically distant na background gaya ng German at Taiwanese ay bahagyang mas mababa ang marka. Samantalang ang mga mula sa mga Tagalog-speaking o Burmese homes, na maaaring mas suportado o mas motivated, ay mas mataas ang pagganap. Ito ay mahalagang basehan sa pagdisenyo ng mga interbensyon upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang wika at pinanggalingan.

Makikita sa datos na parehong nasa antas na Proficient ang mga babae at lalaki, kaya't mahihinuha na ang kasarian ay hindi salik na may makabuluhang epekto sa akademikong performance. Gayundin, lahat ng kategorya ng edukasyonal na antas ng magulang—elementarya, sekondarya, at kolehiyo—ay nasa parehong antas, na nagpapahiwatig na hindi

nakadepende ang pagganap ng mag-aaral sa pormal na pinag-aralan ng magulang kundi sa aktwal na suporta sa pag-aaral.

Sa nasyonalidad ng magulang, ang mga mag-aaral na may magulang na Burmese ay nakamit ang Very Satisfactory, habang ang German at Taiwanese ay nasa Approaching Proficiency. Dito mahihinuha na mas nahihirapan ang mga batang may magulang na mula sa mga bansang malayo ang wika at kultura sa Filipino, kumpara sa mga mas malapit o exposed sa wikang ito.

Sa wikang ginagamit sa tahanan, mas mataas ang akademikong antas ng mga batang gumagamit ng Tagalog o Myanmar sa bahay, kumpara sa mga gumagamit ng English, Chinese, o German. Mula rito, malinaw na ang regular na paggamit ng Filipino o kaugnay nitong wika sa tahanan ay may positibong epekto sa akademikong tagumpay. Sa kabuuan, ang wika at kultura sa tahanan ang may mas malinaw na impluwensiya sa pagganap ng mag-aaral kaysa sa iba pang salik.

Kaugnay nito, isang pag-aaral ni Ates et al. (2023) ang nagpapatunay na ang paggamit ng mother-tongue-based instruction sa Grade 3 ay may malinaw na positibong epekto sa pag-unawa sa pagbasa. Ipinapakita ng parehong datos na kapag sinuportahan ang unang wika ng mag-aaral kasama ang Filipino, nagiging mas solid ang pundasyon para sa paglago sa akademya.

Gayundin, tinukoy sa pananaliksik ni Pamittan (2019) na ang paggamit ng mother tongue bilang medium sa MLE (Mother-Tongue Based Multilingual Education) ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa at pagsasalita sa pangalawang wika (ESL). Ang implikasyong ito ay parehong sumasalamain sa mga natuklasan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na exposed sa kanilang mother tongue at Filipino sa bahay ay hindi lamang mas mahusay sa Filipino kundi maaaring mas madaling makasanayan ang paglipat sa iba pang wika at mga asignatura.

**Table 7. Akademikong Pagganap sa Filipino.**

<b>Profile</b>	<b>Mean</b>	<b>Sd</b>	<b>Description</b>
<b>Kasarian</b>			
Babae	85.95	4.47	Proficient
Lalaki	86.22	3.42	Proficient
<b>Educational Attainment</b>			
College	86.10	3.98	Proficient
High School	86.09	3.20	Proficient
<b>Paggamit ng Mother Tongue sa Bahay</b>			
Chinese	85.86	3.08	Proficient
English	84.86	2.29	Proficient

Hiligaynon	85.74	4.39	Proficient
Ibang Wika	91.11	3.10	Very Satisfactory
<b>Lahi ng Parent</b>			
Chinese	86.03	3.72	Proficient
Ibang Lahi	86.47	4.84	Proficient
<b>Total</b>	<b>86.10</b>	<b>3.84</b>	

Scale: 00.00-74.49 DNME, 74.50-79.49 Developing, 79.50-84.49 Approaching Proficiency, 84.50-89.49 Proficient, 89.50-94.49 Very Satisfactory, 94.50-100.00 Outstanding

**Pagkakaiba sa mga hamon sa paggamit ng wikang filipino ng mga mag-aaral na may lahing banyaga kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa loob ng bahay**

Batay sa datos sa Table 8, ang lahat ng propayl ng tagatugon kabilang dito ang kasarian (p-value =.263 ), antas ng edukasyon ng magulang (p-value =.974), wika sa tahanan (p-value =.390 ), at nasyonalidad ng magulang (p-value=. 970) ay nagpakita na hindi makabuluhan ang pagkakaiba .

Nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral batay sa kanilang personal at sosyokultural na katangian.

Ipinapahiwatig ng mga resulta na pantay-pantay o halos magkakatulad ang antas ng hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang kasarian, pinagmulan, antas ng edukasyon ng magulang, o wikang ginagamit sa tahanan. Ibig sabihin, kahit may pagkakaiba sa background, ang mga mag-aaral na may lahing banyaga ay nakararanas ng parehong mga suliranin, tulad ng kahirapan sa pagsasalin, pag-unawa sa malalalim na salita, at paggamit ng gramatika.

Tumutugma ito sa pag-aaral nina Delos Reyes, Tongkoh, at Chavez (2023) na nagsabing ang mga dayuhang mag-aaral sa Pilipinas ay nakararanas ng halos magkakatulad na hamon sa Filipino, anuman ang kanilang cultural o linguistic background. Ayon din sa pananaliksik ni Ocampo (2023), ang kakulangan sa kaalaman sa leksikon at gramatika ay laganap sa mga ESL learners, at hindi ito tuwirang naapektuhan ng kasarian o nasyonalidad kundi ng kung gaano kadalas ginagamit ang Filipino sa pang-araw-araw na konteksto.

**Table 8. Pagkakaiba sa mga Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga.**

Profile	N	Mean Rank	Sum of Ranks	U-value	p-value	Interpretation
<b>Kasarian</b>						
Babae	13	18.27	237.50	74.500	.129	Not Significant
Lalaki	17	13.38	227.50			
<b>Parent's Educational Attainment</b>						
College	26	14.94	388.50	37.500	.373	Not Significant
High School	4	19.13	76.50			
<b>Parent's Nationality</b>						
Chinese	25	15.70	392.50	57.500	.779	Not Significant
Ibang Lahi	5	14.50	72.50			

**Pagkakaiba sa kasanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga kung ipapangkat batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nationalidad at mother tongue na ginagamit sa loob ng bahay**

Batay sa ipinakitang datos, makikita na sa pagsusuri ng pagkakaiba ng mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ayon sa kasarian, ang mga lalaki ( $N = 13$ ) ay may mean rank na 14.65, habang ang mga babae ( $N = 17$ ) ay may mean rank na 16.15. Sa pamamagitan ng Mann-Whitney U test, lumabas ang U-value na 99.500 at p-value na .645, kaya't ito ay hindi makabuluhan. Nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon sa wika ng mga mag-aaral base sa kasarian.

Sa kategorya ng edukasyonal na antas ng magulang, ang mga mag-aaral na may magulang na college graduate ay may mean rank na 15.64, high school graduate na magulang ay 13.50, at elementary graduate ay 23.50. Sa kabila ng bahagyang pagkakaiba, ang Kruskal-Wallis H-test ay nagbigay ng H-value na .984 at p-value na .611, na muli ay hindi makabuluhan. Ganito rin ang kinalabasan para sa nasyonalidad ng magulang ( $p = .295$ ) at wikang ginagamit sa tahanan ( $p = .260$ ), kung saan kahit may kaunting variation sa mean rank, hindi ito sapat upang maituring na estadistikong makabuluhan.

Sa kabuuan, ipinapahiwatig ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino batay sa kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, nasyonalidad ng magulang, at wika sa tahanan. Ang mga natukoy na pagkakaiba sa mean rank ay hindi naging sapat upang maipakita ang istatistikal na pagkakaiba. Ibig sabihin, anumang background o personal na profile ng mag-aaral, pare-pareho nilang nararanasan

ang mga suliraning lingguwistiko sa Filipino—lalo na sa malalim na bokabularyo, gramatika, at pagbasa.

Tinutugma ng mga resulta ang pananaliksik nina Delos Reyes, Tongkoh, at Chavez (2023) kung saan tinukoy na ang mga banyagang mag-aaral ay may magkakatulad na karanasan sa paggamit ng Filipino bilang pangalawang wika, anuman ang kanilang wika o nasyonalidad. Gayundin, binanggit ni Ocampo (2023) na ang mga ESL learners ay karaniwang nahihirapan sa parehong aspeto ng Filipino tulad ng pagsasalin at pagbasa ng tekstong pormal, kahit magkaiba ang pinanggalingang kultura. Ipinapakita ng mga pananaliksik na ito na ang hamon sa Filipino ay hindi eksklusibo sa isang grupo, kundi isang kolektibong karanasan ng mga dayuhang mag-aaral.

**Table 9. Pagkakaiba sa Kasanayang Pagganap ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga.**

Mother Tongue	N	Mean Rank	Df	H-value	p-value	Interpretation
Chinese	7	24.29	3	10.186	.017	Significant
English	7	15.50				
Hiligaynon	13	11.58				
Ibang Wika	3	12.00				

#### **Kaugnayan sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino at kasanayang Pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga**

Batay sa resulta ng Spearman's rho correlation analysis, lumabas na ang correlation coefficient ay  $-.198$  na may p-value na  $.294$ , at kabuuang bilang ng kalahok na  $N = 30$ . Dahil ang p-value ay higit sa  $.05$ , ang ugnayan sa pagitan ng mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino at kasanayang pagganap ng mga mag-aaral na may lahing banyaga ay itinuturing na hindi makabuluhan. Ipinapahiwatig ng resulta na walang sapat na ebidensiya upang sabihing may direktang ugnayan ang dami o antas ng hamon sa paggamit ng Wikang Filipino sa akademikong pagganap ng mga banyagang mag-aaral. Sa madaling salita, kahit nahihirapan ang isang mag-aaral sa wika, hindi awtomatikong nangangahulugan ito ng mababang performance, o kabaliktaran. Posibleng may ibang salik tulad ng study habits, teacher support, o non-verbal learning strategies na nakaaambag sa kanilang tagumpay sa kabila ng kahirapan sa wika.

Ang resultang ito ay tugma sa obserbasyon ni Magno et al. (2024) kung saan natuklasan na ang mga banyagang mag-aaral ay maaaring magpakita ng sapat o mataas na performance sa kabila ng linguistic difficulties, lalo na kung may sapat na motivation at support system. Ganito rin ang natukoy ni Ocampo (2023) sa kanyang pag-aaral sa ESL learners, na kahit

may paghihirap sa Filipino vocabulary at grammar, ang komprehensyon at pagsisikap ng mag-aaral ay mahalagang salik sa kanilang pagganap.

**Table 10. Kaugnayan sa mga Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino at Kasanayang Pagganap ng mga Mag-aaral na may Lahing Banyaga.**

			<b>Kasanayang Pagganap</b>	<b>Interpretation</b>
Spearman's rho	Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino	Correlation Coefficient	-.198	Not Significant
		p-value	.294	
		N	30	

### **Konklusyon**

1. Ang mga banyagang mag-aaral ay may multikultural at multilinggwal na background, kaya kinakailangan ang mas sensitibo at angkop na pagtuturo ng Filipino.
2. Kinakailangan ang inklusibong estratehiya at interbensyon upang mapalakas ang kasanayan ng mga banyagang mag-aaral sa Filipino, lalo na sa pagbasa, pagsusulat, at pag-unawa.
3. Ang kahinaan sa Filipino ay hindi hadlang sa akademikong tagumpay dahil nakakabawi ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng suporta, paggamit ng ibang wika, at sariling estratehiya sa pagkatuto.
4. Ang mga hamon sa paggamit ng Filipino ay pare-pareho at hindi naaapektuhan ng kasarian, edukasyon ng magulang, nasyonalidad, o mother tongue, kaya nangangailangan ng kolektibo at inklusibong solusyon.
5. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang pinagmulan, at mas naaapektuhan ito ng personal na salik tulad ng motibasyon at estratehiya sa pagkatuto.
6. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng hamon sa paggamit ng Filipino at kasanayang pagganap, kaya't hindi ito dapat ituring bilang pangunahing sukatan ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral.

### **Rekomendasyon**

1. nirerekomenda ang pagsasagawa ng cultural at linguistic profiling upang maiaangkop ang pagtuturo sa multikultural at multilinggwal na pinagmulan ng mga mag-aaral.
2. Dapat magpatupad ng mga programang nagpapalawak ng bokabularyo, gumagamit ng translanguaging, nagsusulong ng gabay na pagbasa, at nagsasanay sa guro at magulang upang mapalakas ang kasanayan sa Filipino ng mga banyagang mag-aaral.

3. Iminumungkahi ang patuloy na pagbibigay ng academic support tulad ng tutorial sessions at study groups upang mapanatili at mapahusay ang pagganap ng mga mag-aaral.
4. Dapat ipatupad ang inklusibo at kontekstuwalisadong mga programang pangwika tulad ng remedial sessions, translanguaging, at paggamit ng mother tongue upang suportahan ang pagkatuto sa heterogenous na klasrum.
5. Inirerekomenda ang regular na formative assessment upang masubaybayan ang progreso ng mga mag-aaral at makapagbigay ng agarang interbensyon.
6. Dapat patuloy na suportahan ang pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino sa pamamagitan ng language bridging, peer tutoring, at culturally responsive materials upang mapanatili ang mataas na akademikong pagganap. **Mga**

### SANGGUNIAN

1. Ahmed, S. (2021). *Interactive teaching strategies for language acquisition in Saudi Arabia*. Journal of Language Education, 34(2), 123-136.
2. Bautista, J. & Villafuerte, L. (2021). *Developing Filipino language performance skills through creative writing*. Philippine Education Journal, 16(3), 45-56.
3. Brown, K., & Green, M. (2022). *The role of peer interaction in language learning among foreign students*. Australian Journal of Applied Linguistics, 12(4), 345-360.
4. Cruz, L. (2023). *Cultural integration in language learning among foreign students in the Philippines*. Philippine Linguistics Review, 20(1), 78-94.
5. Cruz, M., & Villanueva, R. (2020). *The role of teachers in improving Filipino language proficiency*. Philippine Journal of Education and Pedagogy, 15(2), 101-115.
6. De Leon, R. (2020). *Barriers in learning Filipino as a second language among urban students*. Education Research Digest, 10(3), 234-250.
7. De Leon, R. (2022). *A comparative study of language performance in urban and rural Filipino high schools*. Philippine Sociolinguistics Journal, 18(2), 129-145.
8. Garcia, L. (2020). *Bilingual strategies for effective Filipino language learning*. Philippine Journal of Language Studies, 14(1), 89-104.
9. Garcia, L. (2021). *Literacy development in Filipino among multilingual students*. Linguistics and Education, 11(2), 56-70.
10. Garcia, M., & Martinez, R. (2023). *The impact of socioeconomic factors on Filipino language skills*. Philippine Social Science Review, 19(1), 200-218.
11. Hernandez, P., & Garcia, L. (2020). *Authentic materials for effective second language learning*. Spanish Journal of Applied Linguistics, 8(1), 34-58.

12. Johnson, T. (2020). *Challenges in second language acquisition for foreign students*. American Journal of Linguistic Studies, 7(2), 211-227.
13. Kim, S. (2022). *Bilingual teaching methods for effective language learning in South Korea*. Korean Educational Review, 19(3), 178-196.
14. Li, X., & Zhang, Y. (2021). *Cultural integration and language learning in Chinese classrooms*. Asian Journal of Language Education, 9(2), 95-112.
15. Macmillan English Dictionary for Advanced Learners. (2024). Macmillan Education.
16. Martinez, F., & Rivera, A. (2022). *Content and language integrated learning approaches in Mexico*. Journal of Bilingual Education, 23(4), 334-350.
17. Mendoza, A. (2023). *Role of teacher support in overcoming Filipino language learning challenges*. Philippine Journal of Language Education, 12(1), 65-80.
18. Reyes, P., & Martinez, F. (2023). *Technological advancements in Filipino language instruction*. Journal of Filipino Language Pedagogy, 17(3), 123-140.
19. Santos, J. (2021). *Exposures and challenges in learning Filipino as a second language*. Philippine Linguistic Studies Journal, 22(1), 33-48.
20. Santos, R., & Cruz, A. (2022). *Performance skills in Filipino language education*. Philippine Education Quarterly, 15(2), 123-139.
21. Smith, J. (2023). *Anxiety and performance in second language learning in Canada*. Canadian Journal of Linguistics, 10(3), 145-162.
22. Torres, M. (2022). *Development of teaching materials for diverse language learners*. Philippine Education Review, 14(1), 90-110.
23. Villafuerte, A., & Cruz, B. (2021). *Community engagement in promoting Filipino language learning*. Philippine Community Language Studies, 18(2), 78-92.
24. Villanueva, C., & Martinez, D. (2020). *Use of technology in Filipino language teaching*. Journal of Modern Education, 13(4), 123-139.
25. Delos Reyes, R. B., Tongkoh, A. L., & Chavez, J. V. (2023). *Transitional challenges and factors affecting English-speaking learners in learning the Filipino language*. Journal of Namibian Studies, 33(S1), 1720–1744.
26. Ochangas, R. Z., & Gawahan, R. L. (2025). *Teachers' practices: Its effects to students' reading skills in Filipino*. International Journal of Research in Innovative Social Sciences, 2025(Mar), 1314–1328.
27. Mendoza, K. (2024). *Influence of cultural background on language comprehension in Philippines*. International Journal of Linguistics, 5(3), 15–28.

28. Ocampo, D. O. (2023). Translanguaging and reading comprehension of Filipino ESL intermediate learners. *Journal of Natural Language and Linguistics*, 1(1), 13–21.
29. Delos Reyes, R. B., Tongkoh, A. L., & Chavez, J. V. (2023). Transitional Challenges and Factors Affecting English-Speaking Learners in Learning the Filipino Language. *Journal of Namibian Studies*, 33(S1), 1720–1744.
30. Ates, R. A. M., Eliseo, L. R., Otero, S. J., & Comidoy, M. C. (2023). Perceived impact of mother-tongue-based instruction on the reading comprehension of Grade 3 learners. *International Journal of Research in ISS*, 7, 2135–2149.
31. Pamittan, F. (2019). The impact of mother tongue on the performance of ESL students' listening and speaking skills embracing MTB-MLE curriculum. *The ESP Journal*, 15(1.2), 320–343.